**Juan 14:8-17 Ang Bagong Tipan: Filipino Standard Version (FSV)**

8 Sinabi ni Felipe, “Panginoon, ipakita ninyo sa amin ang Ama, at sapat na iyon sa
amin.” 9 Sinabi ni Jesus sa kanya, “Matagal na tayong magkasama Felipe, at hindi mo
pa rin ako kilala? Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama. Bakit mo sinasabing,
‘Ipakita mo sa amin ang Ama’? 10 Hindi ba kayo naniniwalang ako ay nasa Ama at
ang Ama ay nasa akin? Ang mga salitang sinasabi ko sa inyo ay hindi galing sa akin;
ang Amang nananahan sa akin ang gumagawa ng kanyang mga gawain. 11 Maniwala
kayo sa akin na ako ay nasa Ama at ang Ama ay nasa akin; ngunit kung hindi,
maniwala kayo dahil sa mga gawang ito. 12 Tinitiyak ko sa inyo, ang sumasampalataya
sa akin ay makagagawa rin ng mga bagay na ginagawa ko, at higit pa sa mga ito ang
magagawa niya sapagkat ako'y pupunta sa Ama. 13 Gagawin ko anumang hilingin
ninyo sa aking pangalan, upang ang Ama ay maluwalhati sa pamamagitan ng Anak.
14 Anuman ang hilingin ninyo sa aking pangalan, ako ang gagawa nito.

15 “Kung minamahal ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga utos. 16 At hihiling
ako sa Ama, at bibigyan niya kayo ng isa pang Kaagapay na makakasama ninyo
magpakailanman. 17 Ito ang Espiritu ng katotohanan na hindi kayang tanggapin ng
sanlibutan sapagkat siya'y hindi nito nakikita o nakikilala. Kilala ninyo siya, dahil
nananatili siya sa inyo, at siya ay sasainyo.